Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY GATID NOONG IKA- 24 NG MAYO, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ Pang. Punong Bayan
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

## KAPASIYAHAN BLG. 219-T'2000

**KAPASIYAHANG PANSAMANTALANG ISINASARA SA TRAPIKO ANG SANTO ANGEL CENTRAL BRIDGE, BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL SA BAYANG ITO SIMULA SA IKA-6 NG HUNYO, 2000 HANGGANG SA IKA-3 NG SETYEMBRE, 2000 UPANG BIGYANG DAAN ANG PAGSASAAYOS AT PAGKUKUMPUNI NG NABANGGIT NA TULAY.**

**SAPAGKA'T,** may kabatirang ipinaabot sa tanggapang ito si Inhr. Bonifacio Seguit, Inhinyerong Pampurok ng Kagawaran ng Pagawaing bayan at Lansangan (DPWH) hinggil sa nakatakdang pagsasaayos at pagkukumpuni ng Santo Angel Central Bridge, Brgy. Santo Angel Central sa bayang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pansamantalang isara sa trapiko ang Santo Angel Central Bridge, Barangay Santo Angel Central sa bayang ito simula sa ika- 6 ng Hunyo, 2000 hanggang sa ika-3 ng Setyembre, 2000 upang bigyang-daan ang pagsasaayos at pagkukumpuni ng nabanggit na tulay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Manananggol, DPWH at Pinuno ng Kagawaran ng Pulisya, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan